# *Ang Taong Kinasihan ng Espiritu ng Diyos*

***"1 At nangyari, sa katapusan ng dalawang taong ganap, na si Faraon ay nanaginip: at, narito, na siya'y nakatayo sa tabi ng ilog. 2 At, narito may nagsiahon sa ilog na pitong bakang magagandang anyo at matatabang laman; at nanginain sa talahiban. 3 At, narito, na ibang pitong baka, na nagsiahon sa ilog na nasa likuran nila, mga pangit na anyo, at payat; at nagsihinto roon sa tabi ng mga unang baka, sa tabi ng ilog. 4 At ang pitong bakang magagandang anyo at matataba, ay nilamon ng mga bakang pangit ang anyo at payat. Sa gayo'y nagising si Faraon. 5 At siya'y natulog at nanaginip na bilang ikalawa; at, narito may sumupling na pitong uhay na mabibintog at mabubuti, na may isa lamang tangkay. 6 At, narito, may pitong uhay na payat at tinutuyo ng hanging silanganan, na nagsitubong kasunod ng mga yaon. 7 At nilamon ng mga uhay na payat ang pitong uhay na mabibintog at malulusog. At nagising si Faraon, at, narito, isang panaginip. 8 At nangyari, sa kinaumagahan, na ang kaniyang diwa ay nagulumihanan at siya'y nagsugo at kaniyang ipinatawag ang lahat ng mago sa Egipto, at ang lahat ng pantas doon: at isinaysay ni Faraon sa kanila ang kaniyang panaginip: datapuwa't walang makapagpaliwanag kay Faraon. 9 Nang magkagayo'y nagsalita ang puno ng mga katiwala kay Faraon, na sinasabi, Naaalaala ko sa araw na ito ang aking mga sala: 10 Nguni't si Faraon laban sa kaniyang mga alila, at ibinilanggo ako sa bahay ng kapitan ng bantay, ako at ang puno ng mga magtitinapay. 11 At nanaginip kami ng panaginip sa isang gabi, ako at siya: kami ay kapuwa nanaginip ayon sa kapaliwanagan ng panaginip ng isa't isa sa amin. 12 At nandoong kasama namin ang isang binata, isang Hebreo, na alipin ng kapitan ng bantay; at siya naming pinagsaysayan, at kaniyang ipinaliwanag sa amin ang aming panaginip; ipinaliwanag niya ayon sa panaginip ng bawat isa sa amin. 13 At nangyari, na kung paano ang kaniyang pagkapaliwanag sa amin, ay nagkagayon; ako'y pinabalik sa aking katungkulan, at ipinabitin ang isa. 14Nang magkagayo'y nagsugo si Faraon at ipinatawag si Jose, at siya'y inilabas na madalian sa bilangguan: siya'y nagahit at nagbihis ng suot, at naparoon kay Faraon. 15 At sinabi ni Faraon kay Jose, Ako'y nanaginip ng isang panaginip, at walang makapagpaliwanag: at nabalitaan kita, na pagkarinig mo ng isang panaginip ay naipaliwanag mo. 16 At sumagot si Jose kay Faraon, na sinasabi, Wala sa akin; Dios ang magbibigay ng sagot sa kapayapaan kay Faraon. 17 At sinalita ni Faraon kay Jose, Sa aking panaginip ay narito, nakatayo ako sa tabi ng ilog: 18 At, narito, may nagsiahon sa ilog na pitong bakang matatabang laman at magagandang anyo, at nanginain sa talahiban: 19 At, narito, may ibang pitong baka na nagsiahon sa likuran nila, mga payat, at napakapangit ang anyo, at payat na kailan ma'y hindi ako nakakita sa buong lupain ng Egipto ng ibang kawangis ng mga yaon sa kapangitan. 20 At kinain ng mga bakang payat at pangit, ang pitong nauunang bakang matataba: 21 At nang kanilang makain, ay hindi man lamang maalaman na sila'y kanilang nakain; kundi ang kanilang anyo ay pangit ding gaya ng una. Sa gayo'y nagising ako. 22 At nakakita ako sa aking panaginip, at, narito, pitong uhay ay tumataas sa isang tangkay, mapipintog at mabubuti. 23 At, narito, may pitong uhay na lanta, mga pipi at tinutuyo ng hanging silanganan na nagsitaas na kasunod ng mga yaon: 24 At nilamon ng mga uhay na lanta ang pitong uhay na mabubuti: at aking isinaysay sa mga mago: datapuwa't walang makapagpahayag niyaon sa akin. 25 At sinabi ni Jose kay Faraon, Ang panaginip ni Faraon ay iisa; ang gagawin ng Dios ay ipinahayag kay Faraon: 26 Ang pitong bakang mabubuti ay pitong taon; at ang pitong uhay na mabubuti ay pitong taon; ang panaginip ay iisa. 27 At ang pitong bakang payat at mga pangit, na nagsiahong kasunod ng mga yaon ay pitong taon, at gayon din ang pitong uhay na tuyo, na pinapaspas ng hanging silanganan; kapuwa magiging pitong taong kagutom. 28 Iyan ang bagay na sinalita ko kay Faraon: ang gagawin ng Dios, ipinaalam kay Faraon. 29 Narito, dumarating ang pitong taong may malaking kasaganaan sa buong lupain ng Egipto; 30 At may dadating, pagkatapos ng mga iyan, na pitong taong kagutom; at malilimutan iyang buong kasaganaan sa lupain ng Egipto; at pupuksain ng kagutom ang lupain; 31 At ang kasaganaan ay hindi malalaman sa lupain, dahil sa kagutom na sumusunod; sapagka't magiging napakahigpit. 32 At kaya't pinagibayo ang panaginip kay Faraon na makalawa, ay sapagka't bagay na itinatag ng Dios, at papangyayarihing madali ng Dios. 33 Ngayon nga'y humanap si Faraon ng isang taong matalino at pantas, at ilagay sa lupain ng EgiptO. 34 Gawing ganito ni Faraon, at maglagay ng mga tagapamahala sa lupain, na paglimahing bahagi ang lupain ng Egipto sa loob ng pitong taon ng kasaganaan. 35 At kanilang tipunin ang lahat ng pagkain nitong mabubuting taon na dumarating, at magkamalig ng trigo sa kapangyarihan ng kamay ni Faraon, na pinakapagkain sa mga bayan at ingataN 36 At ang pagkain ay kamaligin na itaan sa lupain sa pitong taong kagutom na mangyayari sa lupain ng Egipto; upang huwag mapuksa ang lupain sa kagutom. 37 At ang bagay ay minabuti ng mga mata ni Faraon, at ng mga mata ng kaniyang mga lingkod. 38At sinabi ni Faraon sa kaniyang mga lingkod, Makakasumpong kaya tayo ng isang gaya nito, na taong kinakasihan ng espiritu ng Dios? 39 At sinabi ni Faraon kay Jose, Yamang ipinabatid sa iyo ng Dios: ang lahat ng ito, ay walang matalino o pantas na gaya mo: 40 Ikaw ay magpupuno sa aking bahay, at ayon sa iyong salita ay pamamahalaan mo ang aking buong bayan: sa luklukang hari lamang magiging mataas ako sa iyo. 41 At sinabi ni Faraon kay Jose, Tingnan mo, ikaw ay inilagay ko sa buong lupain ng Egipto. 42 At inalis ni Faraon sa kamay niya ang kaniyang tandang singsing at inilagay sa kamay ni Jose, at siya'y sinuutan ng magandang lino at nilagyan siya ng isang kuwintas na ginto sa palibot ng kaniyang leeg; 43 At siya'y pinasakay niya sa ikalawang karro na tinatangkilik ni Faraon at isinisigaw sa unahan niya. Lumuhod kayo: at inihalal siya na puno sa buong lupain ng Egipto. 44 At sinabi ni Faraon kay Jose, Ako'y si Faraon, at kung wala ka ay hindi magtataas ang***

***sinomang tao ng kaniyang kamay o ng kaniyang paa sa buong lupain ng Egipto. 45 At pinanganlan ni Faraon si Jose na Zaphnath-paanea, at ibinigay na asawa sa kaniya si Asenath, na anak ni Potiphera, na saserdote sa On. At lumabas si Jose, sa lupain ng Egipto. 46 At si Jose ay may tatlong pung taon nang tumayo sa harap ni Faraon na hari sa Egipto. At si Jose ay umalis sa harap ni Faraon, at nilibot ang buong lupain ng Egipto. 47 At sa pitong taong sagana ay nagdulot ang lupa ng sagana. 48 At tinipon ni Jose ang lahat na pagkain sa pitong taon na tinamo sa lupain ng Egipto: at inimbak ang nangasabing pagkain sa mga bayan; na ang pagkain sa bukid na nasa palibot ng bawa't bayan ay inimbak sa bawa't kinauukulan ding bayan. 49 At si Jose ay nagkamalig ng trigo na parang buhangin sa dagat, na napakarami hanggang sa hindi nabilang; sapagka't walang bilang. 50 At bago dumating ang taong kagutom ay ipinanganak kay Jose ang dalawang lalake, na ipinanganak sa kaniya ni Asenath na anak ni Potiphera, na saserdote sa On. 51 At tinawag ni Jose ang pangalan ng panganay na Manases, sapagka't aniya'y, Ipinalimot ng Dios sa akin ang lahat ng aking kapagalan at ang buong bahay ng aking ama. 52 At ang ipinangalan sa ikalawa ay Ephraim: Sapagka't ako'y pinalago ng Dios sa lupain ng aking kadalamhatian. 53 At ang pitong taon ng kasaganaan na nagkaroon sa lupain ng Egipto ay natapos. 54 At ang pitong taon ng kagutom ay nagpasimulang dumating, ayon sa sinabi ni Jose: at nagkagutom sa lahat ng lupain; datapuwa't sa buong lupain ng Egipto ay may tinapay. 55 At nang ang buong lupain ng Egipto ay magutom, ay dumaing ng tinapay ang bayan kay Faraon: at sinabi ni Faraon sa lahat ng mga Egipcio, Pumaroon kayo kay Jose; ang kaniyang sabihin sa inyo ay inyong gawin. 56 At ang kagutom ay nasa ibabaw ng buong lupa: at binuksan ni Jose ang lahat ng kamalig at nagbili sa mga Egipcio; at lumala ang kagutom sa lupain ng Egipto. 57 At lahat ng mga taga ibang lupain ay nagsiparoon kay Jose upang magsibili ng trigo; sapagka't lumala ang kagutom sa buong lupa." (Genesis 41:1-57 KJV)***

Si Jose na anak ni Jacob, tayo ay pamilyar sa salaysay na ito na ating binasa sa ***Genesis*** kabanata ***37, 39-50.*** Siya ay isinalarawan ni Faraon sa talata 38 gaya ng sumusunod: ***"na taong kinakasihan ng espiritu ng Dios".*** Ating pagnilayan ang buhay ni Jose at tingnan kung paano niya pinagtanto ang katotohanan ng kung paano ang Banal na Espiritu ay makita sa buhay ng mga tao.

Si Jose ay itinapon ng kanyang mga kapatid sa balon, pagkatapos ay kinuha at ipinagbili sa mga Ismaelita na nagbaba sa kanya sa Egipto at ipinagbili siya sa isang Egipcio, kung saan si Jose ay naging alipin at nagtrabaho bilang alipin. Si Jose ay nagtrabaho ng mabuti at sumagana dahil ang Dios ay sumasa kanya. Pinatawad niya ang kanyang mga kapatid na gumawa sa kanya ng masama, at masigasig na nagtrabaho sa kanyang bagong lugar at inaangkop at kinupkop ang bagong kapaligiran at mga pangyayari ng buhay; sa wika, sa pagkain, sa kultura, at sa relihiyon ng mga tao nasa palibot niya, ngunit pinanatili niya ang kanyang pananampalatay sa Panginoon na ating Dios. Sa bagong lugar na isinulong sa kanya ng Dios upang maging isang tagakita sa kanyang bagong lugar ng trabaho. Kalaunan ang asawang babae ng kanyang panginoon ay nakipagsabwatan laban sa kanya, sapagkat tumanggi siyang sumping sa kama. Si Jose dahil doon, ay nabilanggo. Doon siya ay nagpatuloy na magtrabaho ng mabuti at matapat, at siya ay pinagkatiwalaan muli ng bagong mga responsibilidad. Ipinagpatuloy niyang gawin ang kanyang bagong takdang gawain at ginamit ang mga kaloob ng Dios upang maglingkod sa Panginoon at sa Panginoon na kasama niya. Sa bilangguan, binigyang kahulugan niya ang mga panaginip ng dalawang opisyal ni Faraon, ang punong bantay at ang puno ng mga magtitinapay at ang kanyang mga pagpapakahulugan ay dumating nang eksakto nang matanggap niya sa mga pagpapakahulugan mula sa Diyos. Ang kapitan ng bantay ay pinalaya gaya ng sinabi sa kanya ni Jose at hiniling niya sa kanya na banggitin ang kanyang kaso kay Faraon upang palayain, ngunit ang kapitan ng bantay ay nakalimutan si Jose. Ngunit si Jose ay nagpatuloy na gawin ang kanyang mabuting gawain sa bilangguan. Ang lalaking kinasihan ng Espiritu ng Dios ay nagpatuloy na gawin ang mabubuting bagay nang tapat sa Dios at inisipa ang positibong kahit na siya ay itinuring na masama, sinaktan, pinabayaan, itinapon, inusig, inakusan o inabuso. Siya ay nagpatuloy na nagtiwala sa Dios para sa kanyang buhay at gawin ang mabubuting gawa nan ais ng Dios na gawin niya.

Sa ating tinalakay ikaw ay tinawag upang isagawa ang sumusunod kung nais mong pagpalain ka ng Dios at pasaganain gaya ni Jose:

1. Patawarin ang mga nanakit sa iyo.
2. Upang magsikap at masigasig at ipamuhay ang lahat ng iyong mga kasanayan sa bagong larangan na inilagay sa iyo ng Diyos.
3. Upang iangkop sa bagong kapaligiran, sa wika, sa pagkain, at sa kultura ng mga taong nakapalibot sa iyo.
4. Ikaw ay tinawag upang panatilihin ang iyong pananampalataya sa Dios sa kabila ng mga tukso at ng gawa ng diablo upang itulak kang magkasala laban sa Dios.
5. Ikaw ay tinawag upang magkaroon ng pagpipigil sa sarili at upang labanan ang mga tukso at ang gawa ng diablo upang itulak kang magkasalan laban sa Dios.

6. Ikaw ay tinawag upang panatilihin ang iyong mabuting patotoo at ipangaral ang tungkol sa Dios nang may paggawa at salita.
7. Ikaw ay tinawag upang gamitin ang mga espirituwal na mga kaloob ng Banal na Espiritu upang patuloy na maglingkod sa Dios at sa layunin ng Dios sa iyong buhay at sa buhay ng mga taong nasa paligid mo.

Nais mo bang maging at masagana kagaya ni Jose? Kung ang iyong sagot ay 'Oo', kung gayon magpakabait at kumilos tulad ni Jose at magpasakop sa kalooban ng Dios at sa Kanyang plano para sa iyo.

Ang taong kinasihan ng Espiritu ng Dios, ay nagpatuloy sa pagtitiis sa paghihintay sa Dios. Si Jose ay hindi pinanghinaan ng loob nang ang katiwalang bantay ay kinalimutan siya. Kung siya ay pinalaya sa tulong ng bantay ay lalabas lamang siya bilang isang pangkaraniwang tao. Ngunit nang siya ay naghintay sa Dios siya ay pinalabas mula sa bilangguan upang maging kasunod kay Faraon. Ang taong kinasihan Espiritu ng Dios ay naghihintay sa Dios sa anumang sakit at sa anumang panahon dahil batid niya kung kanino siya naghihintay at sa kung kanino niya ipinagkakatiwala ang kanyang buhay; nalalaman na hindi siya iiwan o pababayaan ng Dios.

***"8 At nangyari, sa kinaumagahan, na ang kaniyang diwa ay nagulumihanan at siya'y nagsugo at kaniyang ipinatawag ang lahat ng mago sa Egipto, at ang lahat ng pantas doon: at isinaysay ni Faraon sa kanila ang kaniyang panaginip: datapuwa't walang makapagpaliwanag kay Faraon." (Genesis 41:8 KJV)*** Ang Diyos ang pinagulo ang espiritu ni Paraon sa mga panaginip na ibinigay Niya sa kanya upang gumawa ng paraan at itulak siya na tawagin si Jose at ilabas siya sa bilangguan. Kapag nakita mo sa panaginip at ang panaginip na iyon ay ginulo ka, sa gayon sa iyong puso na ang Dios ay nagbabala sa iyo at nagsasalita sayo tungkol sa isang bagay na mahalaga. Sa kahabaan ng Bibliya ay marami ang nakakita ng mga panaginip at lahat ng nabanggit na panaginip ay mula sa Diyos at walang nabanggit na panaginip na nagmula sa diyablo.

Ang taong kinasihan ng Espiritu ng Dios ay, ay matapang sa mga may kapangyarihan at sinalita sa kanila nang malinaw ang tungkol sa kalooban ng Dios, at kung ano nais ng Dios na sabihin sa kanila. Si Jose ay nagtiwala sa Dios at sa Espiritu ng Dios sa pagpapaliwanag sa panaginip ng Faraon. Kailangan mong magtiwala sa Dios na kapag ibinuka mo ang iyong bibig, na ilalagay Niya ang mga salita sa iyong bibig upang salitain sa mga tao na ikaw ay nakatayo sa harapan nila.

Ipinaliwanag ni Jose ang panaginip at ibinigay niya kay Fraon ang solusyon ng kung paano niya haharapan ang babala at pangasiwaan ang papalitaw na paparating na kalagayan ng pitong taong tag-gutom. Si Jose ay matatag kay Faraon nang ibinigay niya ang solusyon. Sinabi niya sa kanya na siya ay magkakaroon ng pitong taong kasaganaan na susundan ng pitong taong tag-gutom, sa panahon ng pitong taong tag-guton ay lalong mas malala na ang lahat ng mga taon ng kasaganaan ay makakalimutan. Ang sinabi ni Jose sa kanya kung anong susunod na gagawin ay tipunin ang ika-lima, kung saan dalawampung porsiyento ng ani kada taon at iimbak ito upang ihanda para sa paparating na pitong taon na tag-gutom. Ang ika-limang, o dalawampung porsiyento ng lahat ng iyong kita ay kailangan mong sikaping maitabi para sa pag-iipon sa gayo'y kapag ang tag-gutom at kakulangan ay dumating sa gayon ikaw ay handa sa iyong mga kamalig.

Si Jose nang siya nakataayo sa harap ng Faraon tiyak na napagmasdan niya ang walang habas na mga paggastos na inilalaan ng Faraon, at gaya na siya ay kinasihan ng Banal na Espirtu tinagubilinan siya ni Jose na ipunin ang ika-lima, at kaya't kinakailangan niyang putulin ang hindi kinakailanga mga gastos na hindi kailangan. Mga pagtitipon, mamahaling pagkain, at damit, paggastos nang walang maayos na pangangasiwa, hindi-kailangang paglalakbay, mga paglalayag, mamahaling mga kagamitan, malaking proyekto na wala sa kalooban ng Dios, at ang lahat ng hindi kinakailangan mga paggagastusan, kailangang maputol sa ating buhay kung kailangan nating maging masigaig na ipunin ang ikalima ng ating kinita na magagamit para sa magamit para panahon ng tag-gutom at kakulangan.

Ang taong kinasihan ng Espiritu ng Dios ay maingat na huwag magsayang, kundi panatilihin ang ika-lima ng kanyang kita bilan ipon na itatabi para sa mga kagipitan na mangyayari sa hinaharap.

Si Jose ay nag-asawa at mayroong dalawang anak na lalaki sa panahon ng pitong taon ng kasaganaan. Ang taong kinasihan ng Espiritu ng Dios ay mag-aasawa sa matatag na panahon. Si Jose ay hindi nag-asawa nang siya ay alipin dahil batid na haharapin niya ang mga kahirapan, ngunit siya ay nag-asawa sa panahon ng kasaganaan at pagkatapos nang siya ay malaya. Ang sasabihin ng ilang mga tao na mag-asawa upang maging maayos, ngunit ang pag-aasawa ay hindi nagbibigay ng pagkakayos, kundi ang pag-aasawa ay nagdadala ng mga kahirapan, kung kaya't ang taong kinasihan ng Espiritu ng Dios ay mag-aasawa kapag siya ay matatag na sa kanyang pananalapi, pisikal, at nasa maayos na pang politikang pahayag. Si Jose ay nag-asawa sa pasimula ng pitong taong kasaganaan at iyon ay ang pinakamahusay na panahon sa kanyang pag-aasawa.

Si Jose ay nag-asawa sa kung anong inihnda ng Dios sa Kanya. * Si Jose ay nag-asawa sa hindi mananampalataya gaya ng ating binasa, at wala ako rito upang pahintulutan ka na mag-asawa sa hindi mananampalataya kundi ang punto ay ito : Kapa ikaw ay handa na, ang Dios ay naririyan upang ibigay sa iyo ang tamang tao. * Kaya't ang plano ng kasintahang lalaki at babae ay hindi sa Dios. Kung ikaw ay hindi pa handa para sa pag-aasawa sa gayon ang taong hinahanap mo ay hindi mula sa Dios, ngunit kapag ikaw ay handa na, ipapadala ng Dios sa iyo ang tamang tao * Kung iyong itatanong kung paano sila mag-papakasal ng walang pagkakaroon ng kasintahang lalaki at babae ? Ito ang kasagutan para sa iyong katanungan : Sila'y mag-aasawa tulad ni Jose na nag-asawa. Si Jose ay walang kasintahang babae, hindi siya nanligaw at hindi niya ipinagtipan ang kanyang asawa, at hindi niya kilala siya at siya ay hindi niya kilala bago ang kasal, at walang pagibig o salaysay ng pagibig sa pagitan nila, at ang kanyang pag-aasawa ay hindi sa may pagiibigan na pag-aasawa gaya ng naririnig natin sa sanglibutan ngayon. Si Jose ay lumabas mula sa Bilangguan, pumunta sa tanggapan ni Faraon at pagkatapos sa kanyang bahay at kasama ang kanyang asawa. Hindi niya nakita o pinili o nakilala ang kanyang asawa bago ang pagpapakasal.

Nais mo bang maging at masagana gaya ni Jose? Kung ang iyong sagot ay 'Oo', kung gayon magpakabait at kumilos tulad ni Jose at magpasakop sa kalooban ng Dios at sa Kanyang plano para sa iyo.

Si Jose ay nagkaroon ng dalawang anak na lalaki, "***50 At bago dumating ang taong kagutom ay ipinanganak kay Jose ang dalawang lalake, na ipinanganak sa kaniya ni Asenath na anak ni Potiphera, na saserdote sa On. 51 At tinawag ni Jose ang pangalan ng panganay na Manases, sapagka't aniya'y, Ipinalimot ng Dios sa akin ang lahat ng aking kapagalan at ang buong bahay ng aking ama. 52 At ang ipinangalan sa ikalawa ay Ephraim: Sapagka't ako'y pinalago ng Dios sa lupain ng aking kadalamhatian. 53 At ang pitong taon ng kasaganaan na nagkaroon sa lupain ng Egipto ay natapos." (Genesis 41:59-53 KJV)*** Ang lalaking kinasihan ng Espiritu ng Dios ay tiyak na ang Dios ay tapat at gagawin Niyang ipalimot ang lahat ng kanyang mga pagdurusa at paghihirap, at iyon ay idinulot sa kanya ng Dios upang maging mabunga sa lupain ng kanyang kadalamhatian. Ang Dios ay tapat at kailangan nating magtiwala sa Kanya na Siya ang gagawin tayong mabungan sa kabila ng lahat ng masasakit na mga pagsubok na ating pinagdadaanan.

Si Jose sa panahon ng pitong taong ng tag-gutom, pinagpatuloy niyang tipunin ang ikalima ng ani at iimbak ito sa mga bayan, ***"49 At si Jose ay nagkamalig ng trigo na parang buhangin sa dagat, na napakarami hanggang sa hindi nabilang; sapagka't walang bilang." (Genesis 41:49)*** Si Jose ay hindi naniniwala sa kanyang paningin nang makita niya ang kasaganaan, siya ay naniniwala at sumunod sa sinabi sa kanya ng Dios na ang pitong taon ng kasaganaan ay magtatapos lamang sa pitong taon at pagkatapos nito ay ang pitong taon ng tag-gutom. Kaya't siya'y nagpatuloy sa pag-iipon. Maraming tao nang sabihin mo sa kanila na itabi at ipunin ang ilang salapi, iimbak ang ilan, o itabi ang ibang mga bagay, sasabihin nila sayo 'Hindi na kailangan, mayroong higit pa, anumang oras na kailangan namin makukuha namin' Nguit wala silang kamalayan na ang kasaganaan ay maaring mawala sa isang gabi at ang tag-gutom ay magsisimula sa susunod na umaga. Si Jose ay nagtago ng mga mais. Ngayon kung iyong sasabihin sa kanila na magtago ng mais, o dates, o trigo, atbp. Sila'y mamamangha sa iyong sinabi, at sasabihi nila, 'para saan', ito ay naroon na, masyadong maraming, anumang oras ay kailangan ko, ito ay naroon'. Ngunit hindi nila namamalayan na maaari itong mawala sa gabi. Ang taong kinasihan ng Espiritu ng Diyos, ay naniniwala sa Salita ng Diyos at hindi sa nakikita niya o sa nararamdaman niya o ang sinasabi ng mga tao o balita.

Ipinahintulot ng Dios isang malawakang tag-gutom sa lahat ng mga bansa upang subukin ang mga pangangasiwa ng mga tao. Ang taong kinasihan ng Espiritu ng Dios, ay may parehong kaisipan ng Dios, hindi nagsasayang o mandaraya, ngunit masigasig siyang huwag magsayang, Siya ay masigasig na panatilihin ang kanyang ipon at panatilihing handa ang kanyang mga mapagkukunan para sa panahon ng mga kahirapan, upang kanyang magamit at magkaroon ng epekto ng kapaki-pakinabang. Si Jesus nang pinarami Niya ang tinapay at ang isda inutusan Niya ang kanyang mga alagad na huwag magsayang. ***"12 At nang sila'y mangabusog, ay sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Pulutin ninyo ang mga pinagputolputol na lumabis, upang walang anomang masayang. 13 Kaya't kanilang tinipon, at nangapuno ang labingdalawang bakol ng mga pinagputolputol sa limang tinapay na sebada, na lumabis sa nagsikain." (Juan 6:12-13 KJV)*** Hindi sinabi ni Jesus sa kanila na tipunin ang malalaking piraso ng mga tinapay, ngunit hiniling Niya sa kanila na tipunin ang mga pinagputol-putol na lumabis, at mula roon ay pinuno nila ang labindalawang sebada. Maaaring ulitin ni Jesus ang himala sa araw araw, ngunit mas gusto Niyang disiplinahin tayo at turuan tayong huwag magsayang. Si Jesus ay hindi maramot na sabihin sa atin ngayon na tipunin ang mga pinagputolputol, ngunit Siya ay masigasig na turuan tayo ng pangangasiwa "***walang anomang masayang".***

Ang lalaking kinasihan ng Espiritu ng Dios ay, may kaparehong kaisipan ni Cristo, at may parehong kaisipan ng Dios. Si Jose sa pamamagitan ng kanyang mabuting pangangasiwa, ay naligtas ang Egipto mula sa pagkawasak dahil sa taggutom, at tinulungan niya ang nakapalibot na mga banasa sa mga inimbak na pagkain na kanyang itinago. Sa kabuuan iniligtas niya at inilalayan ang kanyang pamilya sa panahon ng taggutom nang pinanguhan sila ng Dios na pumaroon sa kanya upang bumili ng pagkain sa Egipto.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang estilo ng ating pamumuhay, ang paraan na tayo'y nabubuhay, at kung paanong gumawa tayo ng pasya ay makikita at mapapatunayan kung paanong kinasihan tayo ng Espiritu ng Dios na nasa atin. Kung nais mong pagpalain tulad ni Jose na pinagpala ng Dios kung gayon mabuhay at kumilos gaya ng ginawa ni Jose. Ipangako ang iyong sarili sa mga simulain at mga aral na iyong natutunan mula sa mensahe.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita, aking ipinangako ang aking sarili na mabuhay at isagawa ang mga simulain na aking natutunan mula sa mensaheng ito.*

*Magsisi at talikdan ang lahat ng iying mga kasalanan. Talikuran ang hindi pagpapatawad, paghihiganti, katamaran, kawalan ng pagpipigil sa sarili, immoralidad, pagsasayang ng pera, pagsasayang ng mga mapagkukunan. pagsasayang ng pagkain, maluhong pamumuhay, maling pagpaplano, hindi paniniwala sa pag-iipon, pagkain ng mamahaling pagkain at pagkain sa restawran, ayaw magluto, kawalan ng kahinahunan, at kawalan ng paghihintay sa Dios at tumalima sa Kanyang kalooban. Panginoon patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan_______________________________________.*

*Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili na magtiis sa pagharap sa mga pagsubok itinatalaga ang aking sarili na magpatuloy na maglingkod sayo at gawin ang iyon kalooban sa paggamit sa mga kaloob ng Banal na Espiritu na ibinigay mo sa akin. Panginoon ipinapangako ko ang aking sarili sa mga simulain ng pag-aasawa at sa mga simulain ng pangangasiwa na aking natutunan mula sa mensahe. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na turuan ang iba ng iyong mga paraan at sa mga simulaing ito ng iyong Salita.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magtiis na patuloy na manindigan sa iyong Salita at gawin ang pinaka kalooban mo. Panginoon hubugin ako at gawin akong mabuting halimbawa at isang huwaran sa iba upang sundan. Panginoon puspusin akong muli at ibigay sa akin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan kong yumaon at ipangaral ang iyong Salita.*

*Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay ayon sa iyong Salita na ibbigay mo sa kanila ng mga espirituwal na mga kaloob na kailangan nila upang ipangaral ang iyong Salita at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan na magevangelio at abutin ang bagong mga tao at bagong lugar ng Evangelio ni Jesus.*

*Panginoon ako'y nanalangin na bigyang-daan kami na magsanay ng bagong mga manggagawa at magsimula ng bagong pag-aaral ng Bibliya at magtanim ng bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa lahat ng kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen*

Ang taong kinasihan ng Espiritu ng Dios. Genesis 41:1-57. Juan 6:12-13.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com